**BOARD OF SUPERVISORS**
**1 Dr. Carlton B. Goodlett Place**
**Room 244**
**San Francisco, CA 94102-4689**

**(415) 554-5184 (Telepono)**
**(415) 554-5227 (TTY)**
**(415) 554-5163 (Fax)**

**Email:**
**Board.of.Supervisors@sfgov.org**

**Website:**
**www.sfbos.org**

**(Huling binago Oktubre 18, 2023**

## Americans with Disabilities Act (ADA)

Ang ADA ay isang batas ng karapatang sibil na ipinagtatanggol ang mga mamamayan na may iba't ibang kapansanan laban sa diskriminasyon sa lahat ng bahagi ng buhay panlipunan. Bilang pagdiin dito, iniaatas ng Title II ng ADA na lahat ng mga programa na ihahatid sa pamamagitan ng estado at lokal na pamahalaan, katulad ng Lungsod at County ng San Francisco, ay dapat magamit at makamit din ng mga taong may kapansanan.

## Mga Karapatan sa ilalim ng ADA

Ang mga patakaran ng ADA at ng Lungsod ay nag aatas na lahat ng mga kapansanan ay may pantay na akses sa lahat ng mga serbisyo, aktibidad at benepisyo ng Lungsod. Ang mga may kapansanan ay may pantay na pagkakataon para maki bahagi sa mga programa at serbisyo na ibinibigay ng Lungsod at County ng San Francisco. Kung sa paniniwala ninyo na ang karapatan ninyo sa ilalim ng ADA ay nilabag, mangyaring makipag-ugnayan po sa ADA Coordinator.

Idinagdag ng Ordinansya 90-10 ang Section 2A.22.3 sa Administrative Code, na nag patupad ng isang Citywide Americans with Disabilities Act Reasonable Modification Policy na nag aatas sa ang mga Departamento ng Lungsod na: (1) Ipaabot sa publiko ang karapatang humingi ng makatwirang pagbabago (reasonable modification); (2) Tumugon agad sa naturang kahilingan; (3)maglaan ng mga naaangkop na pantulong at serbisyo sa mga may kapansanan upang matiyak ang epektibong komunikasyon; at (4) sanayin ang mga empleyado sa pagtugon sa mga kahilingan ng publiko para sa makatwirang modipikasyon, at nag aatas sa Mayor's Office on Disability na magbigay ng teknikal na tulong sa lahat ng mga Departamento ng Lungsod na tumutugon sa mga kahilingan ng publiko para sa makatwirang modipikasyon.

Ang Board of Supervisors at ang Opisina ng Clerk of the Board ay sumusuporta sa Mayor's Office on Disability para tulungan ang San Francisco na maging isang lungsód na kung saan ang lahat ay nagtatamasa ng mga pantay na karapatan, pantay na oportunidad, at kalayaan mula sa iligal na diskriminasyon sa ilalim ng mga batas para sa karapatan ng mga may kapansanan.

## Akses para sa may Kapansanan

- **Talaan ng Pag-uusapan**
  Ang mga talaan ng pag-uusapan sa mga pagpupulong ng Lupon at mga Komite ay makikita sa website ng Lupon at sumusunod sa mga alituntunin ng web development sang-ayon sa Section 508 ng Federal Access Board.

Para sa impormasyon tungkol sa pulong ng Lupon at mga Komite, mangyaring tunghayan po ang www.sfbos.org/meetings

- **Pag-akses sa Pagpulong:** Maaaring panuorin ng publiko ang pagpupulong ng Lupon at Komite ng personal o kaya ay live, sa SFGovTV.

  Ang impormasyon hinggil sa pag-akses ng pulong ay nasa adyenda, sa website ng Lupon at mga notisyang legal.

  Naka-livestream ang mga pulong ng Lupon at Komite sa SFGovTV sa www.sfgovtv.org at naka-cablecast sa Channel 26, 28, 78 o 99.

  Maaaring personal na dumalo at makilahok ang mga miyembro ng publiko sa mga pulong ng Lupon o magbigay ng mga komento gamit ang email sa: Board.of.Supervisors@sfgov.org

  Maaaring personal na dumalo at makilahok ang mga miyembro ng publiko sa mga pulong ng Komite ng Lupon at magbigay ng mga komento gamit ang email sa kaukulang Assistant Clerk.

- **Paglalapat ng Caption:** Lalapatan ng SFGovTV ng caption ang pinapanuod kaalin-sabay sa pagpupulong.

- **Mga makatwirang akomodasyon** Ang mga tagsasalin wika gamit ang pag sesenyas (sign language), taga-basa, mga malalaking mga letra para sa mga adyenda, o iba pang mga akomodasyon ay nakalaan at maaaring hilingin sa ADA Coordinator. Malaking tulong ang ma-ipaabot ang kahilingan ng 48 oras bago ganapin ang pulong upang matiyak ang paghahanda ng mga kagamitan at pantulong.

- Sa ilalim ng rules of order 1.3.3 ng Lupon ng mga Superbisor, hindi pinahihintulutan ang remote public comment mula sa publiko sa mga pulong ng Lupon at mga Komite nito, maliban na lang sa legal na pangangailangan para makilahok ang mga may kapansanan sa naturang pagpupulong. Kung kailangan ninyo ng remote access bilang makatwirang akomodasayon sa ilalim ng ADA, mangyari pong makipag ugnayan sa tangapan ng Klerk ng Lupon para makahiling ng remote access, kasama ang paglalarawan ng kung bakit hindi po kayo makadalo ng personal.

**Karagdagang Tulong:** Kung kailangan ninyo ng karagdagang tulong, makipag ugnayan po lamang sa ADA coordinator ng aming opisina o sa Mayor's office on Disability.

Board of Supervisors
Attn: Wilson Ng, ADA Coordinator
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 244
San Francisco, CA 94102-4689
Phone: (415) 554-5184
TTY: (415) 554-5227
Fax: (415) 554-5163
Email: Wilson.L.Ng@sfgov.org
Website: www.sfbos.org

Mayor's Office on Disability
1155 Market Street, 1st Floor
San Francisco, CA 94103
Phone: (415) 554-6789
Fax: (415) 554-6159
Email: mod@sfgov.org
Website: www.sfgov.org/sfmod

Oktubre 18, 2023